



2024-2025 Mga Alituntunin sa Programa ng Sining ng Kabataan

Pangkalahatang Impormasyon sa Kaloob

Ang kaloob ng Youth Arts ay isang 2-taong grant na sumusuporta sa pantay na access sa mga pagkakataong mag-aral ng mga sining at kultura para sa mga kabataan ng Seattle na nasa middle at high school na edad. Nagaganap ang mga programa sa labas ng oras ng pag-aaral at pinamumunuan ng mga may karanasang alagad ng sining at mga nagtuturo ng sining na nagtatrabaho sa mga komunidad sa buong Seattle upang dagdagan ang mga pagkakataon sa sining at kultura para sa mga kabataan mula sa magkakaibang lahi at sosyoekonomikong pinagmulan.

Ipinapakita ng datos na ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng mga kabataang may access sa edukasyon sa mga sining at sa mga wala, ay batay sa lahi, socioekonomiya, wika sa tahanan, at katayuan sa espesyal na edukasyon. Tulad ng lahat ng aming mga Creative Youth na Programa, binibigyan ng priyoridad ng Youth Arts grant ang mga programang nagsisilbi sa mga kabataan sa loob ng mga demograpikong grupo sa itaas.

Para sa impormasyon at tulong sa aplikasyon, pagiging kwalipikado, o online na teknikal na suporta, makipag-ugnayan kay Kristi Woo, Creative Youth Development Project Manager, 206-727-8671 o kristi.woo@seattle.gov.

Aplikasyon Ang aplikasyon ay isinusumite ONLINE. Ang aplikasyon ay makukuha sa pamamagitan ng grant portal ng Lungsod ng Seattle sa FLUXX sa https://seattle.fluxx.io/user_sessions/new Kung wala kayong computer o access sa internet, makipag-ugnayan kay Kristi Woo sa lalong madaling panahon.	Pagbubukas Enero 16, 2024, 10 n.u. (Pacific) Takdang Petsa Pebrero 27, 2024, 5 n.h. (Pacific)
--	--

<p>Birtwal na mga Sesyon ng Impormasyon:</p> <p>Sesyon ng Impormasyon 1 Lunes, Enero 22, 5-6 n.g. (Pacific) RSVP</p> <p>Sesyon ng Impormasyon 2 Huwebes, Pebrero 1, 12-1 n.h. (Pacific) RSVP</p>	<p>Birtwal na mga Feedback na Sesyon sa Draft na Aplikasyon:</p> <p>Pagsusuri ng Draft 1 Lunes, Pebrero 5, 5-6 n.g. (Pacific) RSVP</p> <p>Pagsusuri ng Draft 2 Huwebes, Pebrero 15, 12-1 n.h. (Pacific) RSVP</p>
---	---

Layunin ng Kaloob

Ang layunin ng Youth Arts grant ay suportahan ang mga indibidwal na alagad ng sining, mga organisasyon ng sining, at mga ahensiya ng serbisyong panlipunan sa pagbibigay sa mga kabataang nasa middle at high school na edad ng mga pagkakataon sa pag-aaral ng sining at kultura sa labas ng araw ng pag-aaral.

Pagiging Kwalipikado/Mga Kinakailangan

- Ang inyong mga proyekto ay dapat maganap sa pagitan ng Setyembre 2024 - Agosto 2025 at Setyembre 2025 - Agosto 2026.
- Kayo ay kwalipikado kung isa kayong indibidwal na alagad ng sining, nagtuturong alagad ng sining, o kung nagtatrabaho kayo sa isang organisasyong pangsining at pangkultura, ahensiya ng serbisyo sa kabataan, o institusyong nagbibigay ng degree.
- Ang inyong mga programa ay dapat para sa mga kabataang may edad na nasa middle at high school at maganap sa loob ng lungsod ng Seattle.

- Ang lahat ng alagad ng sining at nagtuturong alagad ng sining na inupahan ng mga organisasyong pangsining at pangkultura, mga ahensya ng serbisyo sa kabataan, at mga institusyong nagbibigay ng degree ay dapat magkaroon ng hindi bababa sa isang (1) taong karanasan sa pagtatrabaho sa age group ng proyekto at mga anyo ng sining at kultura.
- Dapat ipakita ng inyong mga proyekto ang mga priyoridad at demograpiko ng Youth Arts grant na inilarawan sa itaas.

Pagpopondo

- Makakatanggap kayo ng kabuuang \$12,000 na ibabahagi sa loob ng dalawang (2) taon para sa mga programa sa 2024-2025 at 2025-2026.
- Makakatanggap lamang kayo ng pagpopondo pagkatapos magsimula ang inyong programa. Kapag nakapagsumite na kayo ng invoice, ipoproseso ito ng Lungsod sa loob ng 30 araw.

Maaari ninyong gamitin ang mga pondong ito para sa:

- Bayad sa alagad ng sining
- Mga allowance ng kabataan
- Mga bayarin sa marketing at promosyon
- Mga gastos sa pamamahala ng proyekto at tauhan
- Mga kagamitan
- Espasyo
- Mga pag-upa ng kagamitan
- Mga gastos na nauugnay sa programa
- Maaaring payagan ang mga karagdagang gastos nang may paunang pag-apruba ng tagapamahala ng proyekto ng grant.

Hindi ninyo maaaring gamitin ang mga pondong ito para sa:

- Mga aktibidad sa paaralan
- Anumang mga elemento ng iminumungkahing proyekto na natapos bago iginawad ang mga pondo
- Pagbili ng kagamitan o software
- Pangwakas na mga kaganapan o mga regalo
- Pangangalap ng pondo, mga benefit event, o mga serbisyong panrelihiyon

Kung kayo ay iginawad, titiyakin ng tagapamahala ng proyekto sa ang paggamit ng mga pondo ng Lungsod ay naaayon sa mga patakaran ng Lungsod.

Pamantayan sa Pagtatasa

Ang mga aplikasyon at iminungkahing mga proyekto ay tinatasa ng isang panel ng pagsusuri ng komunidad. Inuuna ng panel ang mga iminumungkahi na may malinaw na patutunguhan; mga aplikante na may malalim na karanasan sa pagtuturo sa kabataan ng sining at malikhaing gawi; at karanasan sa pakikipagtulungan sa mga komunidad sa buong Seattle na naapektuhan ng istrukturang rasismo, classism, at/o panlipunang disenfranchisement dahil sa pagkakakilanlan ng kasarian, oryentasyong sekswal, o kakayahan.

Kapag sinuri ng panel ang inyong aplikasyon, magkakaroon kayo ng pagkakataong makakuha ng kabuuang 100 puntos. Ang puntos na inyong makukuha ang siyang tutukoy sa inyong huling marka. Ang pagkakahati-hati ng mga puntos ay nakalista sa ilalim ng *Application Outline & Components* na bahagi sa ibaba.

Proseso ng Pagsusuri at Abiso:

- Isang panel ng pagsusuri ng komunidad ng mga lagad ng sining, mga nagtuturo ng sining, mga kabataan, at/o mga tagapagtaguyod ang magpapasiya sa panghuling pagmamarka ng mga aplikante. Ang Cultural Investments Committee ng Seattle Arts Commission ang magsusuri ng mga napili at gagawa ng mga rekomendasyon sa Direktor ng Office of Arts & Culture para sa huling pag-apruba.
- Ang lahat ng kwalipikadong aplikasyon ay susuriin at bibigyan ng marka batay sa pamantayan sa pagsusuri.

Timeline

- **Enero 16, 2024:** Magbubukas ang Aplikasyon
- **Enero -- Pebrero 2024:** Isinasagawa ang mga Sesyon ng Impormasyon at Pagsusuri ng mga Draft
- **Pebrero 27, 2024:** Pagsasara ng Aplikasyon
- **Marso -- Abril 2024:** Proseso ng Pagsusuri ng Panel
- **Hunyo 2024:** Ipakilala ang mga Abiso ng Paggawad
- **Hulyo-Agosto 2024:** Proseso ng Pagkontrata
- **Setyembre 2024:** Maaaring Magsimula ng Mga Proyekto ang mga Pinagkalooban

Balangkas at mga Bahagi ng Aplikasyon

*Bago simulan ang inyong aplikasyon, hihilingin sa inyo na kumpletuhin ang isang Demograpikong Survey. Hindi nito maaapektuhan ang inyong pagkakataon sa pagpopondo.

Pakihanda na ilakip ang mga sumusunod na bagay sa inyong aplikasyon:

- (Mga) Resume o (Mga) Talambuhay -- magbigay ng resume o bio bilang alagad ng sining/naagtuturong alagad ng sining (hindi isang artistikong resume o bio)
- Halimbawa ng Trabaho -- isang 1 ½ -minute video (magbigay ng **link lamang** gamit ang YouTube, Vimeo, Dropbox, Google Drive) at apat (4) hanggang anim na (6) larawan (.jpeg/.jpg or.png)
- Lesson Plan - may ibinigay na template (huwag gumamit ng sarili)
- Badyet ng Proyekto - may ibinigay na template (huwag gumamit ng sarili)
- Liham ng Pagkumpirma mula sa Fiscal Sponsor (kung naaangkop)